| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | MATHEMATICS |
| | Teaching Dates and Time: | October 17-21, 2022 (WEEK 9) | Quarter: | 1st QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | 1. The learner demonstrates understanding of whole numbers up to 1000, ordinal numbers up to 20th, and money up to PhP100.<br>2. The learner demonstrates understanding of addition of whole numbers up to 1000 including money. | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | 1. The learners is able to recognize, represent, compare, and order whole numbers up to 1000, ordinal numbers up to 20th, and money up to PhP100 in various forms and contexts.<br><br>2. The learners is able to recognize and represent ordinal numbers up to 20th in various forms and contexts.<br><br>3. The learners is able to apply addition of whole numbers up to 1000 including money in mathematical problems and reallife situations. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Solves routine and non-routine problems involving addition of whole numbers including money with sums up to 1000 using appropriate problem solving strategies and tools. | | | | |
| ***II. NILALAMAN*** | Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers<br><br>1. makapagsosolve ng routine at non-routine problems kasama ang addition ng whole numbers kabilang ang pera na may kabuuang bilang hanggang 1000 gamit ang nararapat na problem solving strategies and tools | Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers<br><br>1. makapagsosolve ng routine at non-routine problems kasama ang addition ng whole numbers kabilang ang pera na may kabuuang bilang hanggang 1000 gamit ang nararapat na problem solving strategies and tools | Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers<br><br>1. makapagsosolve ng routine at non-routine problems kasama ang addition ng whole numbers kabilang ang pera na may kabuuang bilang hanggang 1000 gamit ang nararapat na problem solving strategies and tools | Solving Routine and Non-Routine Problems Involving Addition of Whole Numbers<br><br>1. makapagsosolve ng routine at non-routine problems kasama ang addition ng whole numbers kabilang ang pera na may kabuuang bilang hanggang 1000 gamit ang nararapat na problem solving strategies and tools | Weekly Test |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |

2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral
3. Mga pahina sa Teksbuk
4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*

B. Iba pang Kagamitang Panturo

***III. PAMAMARAAN***

**SUBUKIN**

Basahing mabuti ang sitwasyon.


Sina Claire, Mark, at Sophia ay mahilig mag-ipon ng pera. May natirang Php 38.00 si Claire sa kaniyang baon ngayong araw na ito. Si Mark naman ay may natirang Php 23.00 mula sa kaniyang baon. Kung sina Claire at Sophia ay may magkaparehong halaga ng natira, magkano lahat ang perang natira ng tatlong bata?

Isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang hinahanap?
A. halaga ng perang natira ng tatlong bata.
B. halaga ng pera ni Sophia.
C. halaga ng pera nina Claire at Mark.
2. Anu-ano ang mga given?
A. Php 38.00 at Php 23.00
B. Php 38.00, Php 23.00, at Php 23.00
C. Php 38.00, Php 23.00, at Php 38.00
3. Ano ang word clue? Operasyon?
A. magkano, addition
B. lahat, addition

**SURIIN**

Nagustuhan mo ba ang iyong inawit?
Halika at tuklasin ang 5 hakbang sa paglutas ng word problem.
Ang Paaralang Elementarya ng Hangga ay magdaraos ng isang maikling programa para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Lahat ng mga mag-aaral ay inaasahang dadalo sa pagdiriwang. Kung ang paaralan ng Hangga ay may bilang na 575 na batang babae at 478 na lalaki, ilan lahat ang bilang ng mag-aaral?
Anu-anong hakbang ang ating ginagamit sa pagsagot sa word problem?


Anu-anong hakbang ang ating ginagamit sa pagsagot sa word problem?

May 5 hakbang sa paglutas ng word problem:

1. Ano ang hinahanap?
Isinasaad dito ang tanong o problema na kailangan ng solusyon.

| |
|---|
| Hinahanap sa word problem ang bilang ng lahat ng mag-aaral na dadalo sa pagdiriwang. |

2. Anu-ano ang mga given?
Inilalagay dito ang mga bilang na nabanggit sa word problem.

| |
|---|
| Bilang ng batang babae = 575<br>Bilang ng batang lalaki = 478 |

**Isaisip**

Lagyan ng tsek (/) ang iyong papel kung ito ay isa sa mga hakbang sa paglutas ng word problem. Lagyan ng ekis (x) kung hindi.

___ 1. Alamin ang hinahanap.
___ 2. Balewalain ang mga bigay na datos o given numbers.
___ 3. Operasyon na gagamitin sa paglutas ng problema.
___ 4. Isulat ang number sentence.
___ 5. Ibigay ang kumpletong sagot.

**TAYAHIN**

Panuto: Pag-isipang mabuti, sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa iyong sagutang papel.

Tuwing araw ng Sabado at Linggo ay may dalawampu't limang boluntaryong tagapaglinis ang nagtutulong-tulong upang maging maayos, malinis, maaliwalas at iwas sa sakit ang mga residente ng Barangay Abulalas. Kung ngayong Linggo ay may labinlimang boluntaryo pa ang tumulong sa paglilinis, ilan ang kabuuang bilang ng naglinis sa loob ng dalawang araw?

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?


C. pera, addition
4. Ano ang number sentence?
A. Php 38.00 + Php 23.00 = N
B. Php 38.00 + Php 23.00 + Php 23.00 = N
C. Php 38.00 + Php 23.00 + Php 38.00 = N
5. Ano ang kumpletong sagot?
A. Php 61.00 ang natirang pera ng tatlong bata.
B. Php 84.00 ang natirang pera ng tatlong bata.
C. Php 99.00 ang natirang pera ng tatlong bata.

3. Ano ang ***word clue***? Operasyon?
Ang word clue ang magbibigay ng ideya kung anong operasyon ang gagamitin upang masolusyunan ang problema.

> Ang operasyon naman ay maaaring ***addition, subtraction, multiplication,*** at ***division.***
> Ang word clue na ginamit ay lahat, ang operasyon na gagamitin ay addition.

4. Ano ang ***number sentence***?
Ang number sentence o mathematical sentence ay nagpapakita kung paano makukuha ang sagot sa problem.

575 + 478 = N




5. Ano ang kumpletong sagot?
Ang kumpletong sagot ay pangungusap na sumasagot sa ano ang hinahanap.

> Ang bilang ng lahat ng mag-aaral na dadalo sa pagdiriwang ay 1053.

5. Ano ang kumpletong sagot?

**BALIKAN**

Pagsamahin ang mga bilang. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. 350 + 410 = _____
2. 160 + 840 = _____
3. 330 + 210 = _____
4. 240 + 185 = _____
5. 510 + 130 = _____

**TUKLASIN**

Awitin ang kantang “Word Problem” sa himig na Twinkle Twinkle Little Star.

**PAGYAMANIN**

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan.

Namitas si Zyrille ng 35 na kamatis. Nakapitas din si Kat-Kat ng 2 kamatis. Ilan lahat ng kamatis ang napitas nila?

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Unawaing mabuti ang sitwasyon at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa papel.

**ISAGAWA**

Lutasin:
Gumawa ang tatay ng 13 maliliit na silya at 26 na malalaking silya. Ilan lahat ang ginawang silya ng tatay?



Gamitin ang 5 hakbang na natutunan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.
1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?

**Karagdagang Gawain**

Gamitin ang 5 hakbang na natutunan. Sagutin ang mga sumusunod sa iyong sagutang papel.
Ang mga miyembro ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Abulalas ay nagpintura ng mga poste sa barangay na kanilang nasasakupan bilang bahagi ng kanilang proyekto para sa pagpapaganda ng kapaligiran. Dahil sila ay tulong-tulong kung kaya’t umaga pa lamang ay umabot na sa animnapu’t dalawa ang kanilang napinturahan at pagdating ng hapon ay napinturahan agad nila ang tatlumpu’t pitong poste. May

Word Problem
ni: Rowena B. Calonzo

Halina at tuklasin,
Word problem ay lutasin,
Limang hakbang ang nandiyan,
Upang ito'y masagutan;
Halina at tuklasin,
Word problem ay lutasin.

Si Nenita ay may 12 pulang rosas at 13 puting rosas. Ilan lahat ang rosas ni Nenita?

1. Ano ang hinahanap?
2. Ano- ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Basahing mabuti ang sitwasyon at sagutin ang mga sumusunod sa iyong sagutang papel.
Kumita si Mang Nestor ng Php 485 noong isang araw sa pamamasada ng traysikel. Kahapon ay kumita naman siya ng Php 435. Kung kikita si Mang Nestor ngayon ng kagaya ng kita niya kahapon, magkano lahat ang kinita ni Mang Nestor sa loob ng tatlong araw?

1. Ano ang hinahanap?
2. Ano- ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

5. Ano ang kumpletong sagot?

natitira pang dalawampung poste ang hindi napinturahan. Ilan ang kabuuang bilang ng mga poste na napinturahan sa barangay sa buong maghapon? Ilan lahat ang posteng kailangang pinturahan ng miyembro ng SK?

1. Ano ang hinahanap?
2. Anu-ano ang mga given?
3. Ano ang word clue? Operasyon?
4. Ano ang number sentence?
5. Ano ang kumpletong sagot?

***IV. Mga Tala***

***V. PAGNINILAY***

A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*

C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?